INTERNATIONAL NAPASA (June 6th, 2023)

1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG ABRIL SA LOOB NG SIYUDAD

4月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Abril ay nagkaroon ng kabuuang 22 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Beniyacho na may 3 kaso. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng 4 na kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo, lalo na sa lugar ng Nakahara na may 2 kaso. Ipinapayo na sa pagparada ng motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng lock na pang-iwas sa magnanakaw.

2)INPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMANYAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa June 21 (Wednesday) ay magkakaroon ng ***CONCERT*** sa ***HACHIMANYAMA NO YOUKAN***. Ang Piano Concert ay mula 11:00 ng tanghali at mula 2:00 ng hapon ang umpisa ng Chamber Music Performance. Makakapasok ang 60 taong naunang dumating.

Para sa mga mga katanungan ay maaaring tumawag sa ***YOKOHAMA RUBBER***

MEMORIAL HALL (YOKOHAMA GOMU KINEN KAN). Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114).**

3)IMPORMASYON UKOL SA KARAGDAGANG HALAGA NG MATERNITY BENEFIT

出産一時金増額のお知らせ

Mula April ng 2023 ang matatanggap na benipisyo sa panganganak ay naging￥500、000 na. At para makatanggap ng benepisyong ito ay humingi ng payo sa ospital kung saan nanganak. At kung kailangan ng interpreter ay maaaring humiling sa ***KANAGAWA MULTILINGUAL SUPPORT CENTER (TAGENGO SHIEN SENTA KANAGAWA)***. Telephone No. **045-316-2770 (045-316-2770).**

4)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUIM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa June 24ay 13 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***SAGANTOSU.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan ay nagkakahalaga ng **¥ 2700** para sa matatanda at **¥ 1000** naman sa mga mag-aaral ng nasa Elementarya, Junior High School at High School.

5)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa June 11 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na "***SUNSUN・MARCHE"*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**